## Sino ang dapat kong lapitan kung hindi maresolba ng aking FVS caseworker ang mga alalahanin ko tungkol sa aking kaso?

Tumawag sa supervisor ng iyong FVS caseworker kung may reklamo o alalahanin ka tungkol sa paghawak ng iyong kaso. Maaari kang tumawag sa Area Administrator (Tagapangasiwa ng Lugar) kung hindi pa rin naaayos ang iyong mga alalahanin.

Maaari ka ring tumawag sa Office of Constituent Relations (Tanggapan para sa Pakikipag-ugnayan ng mga Nasasakupan) sa 800-723-4831 o 360-902-8060 para sa tulong anumang oras.

Tumatanggap ng mga alalahanin at reklamo ang Washington State Family and Children's Ombuds Office (Tanggapan ng Ombuds para sa Pamilya at mga Bata ng Estado ng Washington) kaugnay sa mga aktibidad ng Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya) at may awtoridad silang magsagawa ng imbestigasyon sa mga alalahanin. Maaari silang tawagan sa 800-571-7321.

### Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:

**https://dcyf.wa.gov/services/child-welfare-system/cps**



### Impormasyon ng Caseworker:

Pangalan: ______________________________

Telepono: ______________________________

Email: ______________________________

### Impormasyon ng Supervisor ng Caseworker:

Pangalan: ______________________________

Telepono: ______________________________

Email: ______________________________

### Hanapin ang inyong lokal na tanggapan ng DCYF:

I-scan ang QR code, o pumunta sa:
**https://apps-ca-ext.dcyf.wa.gov/CAOfficesPub/offices/general/OfficePick.asp**

*Kung nais ninyo ng libreng kopya ng publikasyong ito sa alternatibong format o wika, makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Pakikipag-ugnayan ng mga Nasasakupan ng DCYF) sa 1-800-723-4831 o mag-email sa **communications@dcyf.wa.gov**.*

DCYF PUBLICATION CWP_0035 | DSHS 22-1751 TA (03-2025) Tagalog

# Family Voluntary Services (Mga Boluntaryong Serbisyong Pampamilya)

*Pinagtitibay ang mga Pamilya sa Pamamagitan ng Ugnayan sa mga Suportang Serbisyo at Mapagkukunan*



Washington State Department of
**CHILDREN, YOUTH & FAMILIES**

## Ano ang Family Voluntary Services (Mga Boluntaryong Serbisyong Pampamilya, FVS)?

Ang FVS ay isang programa kung saan pinapipili ang mga magulang/legal na tagapag-alaga na makilahok sa mga serbisyo para matugunan ang pangangailangan sa kaligtasan, kalusugan, at kapakanan ng kanilang mga anak.

Layunin ng FVS na suportahan ang mga pamilya para makilahok sa mga serbisyong tumutugon sa kanilang mga pangangailangan habang pinatitibay at pinananatiling buo ang pamilya.

Nakikipagtulungan ang mga caseworker sa pamilya na makumpleto ang pagtatasa sa kalakasan, pangangailangan, at kaligtasan ng bata. Maaaring piliin ng mga pamilya na ihinto ang pakikipagtulungan sa Department of Children, Youth, and Families (Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya, DCYF) anumang oras. Kapag pinili ng isang pamilya na ihinto ang mga serbisyo ng FVS, kinakailangang suriin ng mga caseworker ang antas ng kaligtasan at panganib bago isara ang kaso. Kapag may hindi natutugunang pangangailangan na may kaugnayan sa kaligtasan ng bata, maaaring humiling ang DCYF ng interbensyon ng hukuman sa pamamagitan ng pagsasampa ng petisyon para sa dependency.

## Paano gumagana ang FVS?

Maaaring ialok ang FVS pagkatapos ng isang kaso sa CPS kapag makatutulong ang mga serbisyo at mapagkukunan upang matiyak ang kaligtasan ng bata at katatagan ng pamilya.

Maaari ring humiling ang mga pamilya ng mga serbisyo ng FVS sa panahon ng pangangailangan sa pamamagitan ng pagtawag sa DCYF.





## MGA INAASAHAN

### Ano ang dapat asahan sa iyong caseworker ng FVS

- Tratuhin ka at ang iyong mga anak nang may paggalang
- Makipagtulungan sa iyo at gumawa ng plano na magtitiyak sa kaligtasan ng iyong mga anak at siguruhing nakukuha ng iyong mga anak ang kanilang pangunahing pangangailangan.
- Mag-aalok sila ng mga serbisyong partikular sa iyo at sa iyong pamilya, gaya ng edukasyon sa pagiging magulang, pagpapayo; o paggamot. Bisitahin ang website ng DCYF para sa mas kumpletong listahan ng mga serbisyo at mapagkukunan.
- Makikipagkita sila sa iyong pamilya at nang pribado sa mga bata sa inyong tahanan, hindi bababa sa isa o dalawang beses bawat buwan.
- Makikipag-ugnayan sila sa mga tagapagbigay ng serbisyo, katuwang sa komunidad, kapamilya at mga kaibigan (sa iyong pahintulot) para makuha ang pananaw ng iba tungkol sa pag-unlad ng inyong pamilya.
- Makikipag-usap sila sa iyo tungkol sa personal at kaligtasan ng sanggol/maliliit na bata.
- Kung pinaghihinalaan na ang iyong anak ay biktima ng komersyal na sekswal na pagsasamantala, tutulungan ka nila na makumpleto ang isang pagtatasa at mag-aalok ng mga serbisyo.
- Hihikayatin ka nila na makipagtulungan sa isang kapwa katuwang o dumalo sa isang support group kung mayroon.

### Ano ang inaasahan ng iyong caseworker ng FVS mula sa iyo

- Makibahagi sa proseso ng pagtatasa at tumulong magplano para mapatatag ang kapakanan at pangmatagalang katatagan ng iyong pamilya.
- Sundin ang mga planong pangkaligtasan (kung mayroon man).
- Lumahok sa mga serbisyo para mapatatag ang kapakanan at pangmatagalang katatagan ng iyong pamilya.
- Pahintulutan ang caseworker ng FVS na pribadong makipagkita sa iyong mga anak.
- Regular na makipagkita sa caseworker ng FVS.
- Palaging ipaalam sa caseworker ng FVS ang anumang pagbabago sa iyong sitwasyon.
- Lagdaan ang mga pagbibigay ng impormasyon para sa iyo at sa iyong mga anak.
- Upang ibahagi ang lakas, pangangailangan, at kalagayan ng iyong pamilya.